DTS
0725071230

Republic of the Philippines
# Department of Education
**REGION XI**
**SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY**

Office of the Schools Division Superintendent

**DIVISION MEMORANDUM**
CID-2025-307

To : Education Program Supervisor-Filipino
Public Schools District Supervisors
School Heads
District/School Filipino Coordinators
Section Head ng Functional Division/Section
Mga Kawani ng Division Office

Subject : **PAGDIRIWANG NG 2025 BUWAN NG WIKA**

Date : **Hulyo 30, 2025**

---

Upang kilalanin at ipagbunyi ang kahalagahan ng wikang Filipino at mga katutubong wika bilang kasangkapan ng pagkakaisa ng sambayanang Pilipino, ipagdiriwang ng Schools Division of Digos City ang Buwan ng Wika 2025 sa buong buwan ng Agosto na may temang: "Paglinang sa Filipino at Katutubong Wika: Makasaysayan sa Pagkakaisa ng Bansa"

Ang pormal na paglulunsad ng Buwan ng Wika ay gaganapin sa Agosto 4, 2025, sa kani-kaniyang paaralan at sa Division Office. Hinihikayat ang lahat ng paaralan at kawani ng Division Office na magsagawa ng makabuluhang mga aktibidad na nagpapalalim sa kamalayan at pagpapahalaga sa wikang Filipino at mga katutubong wika.

Samantala, ang panapos na palatuntunan ay isasagawa sa dalawang antas:

- **Paaralan:** Agosto 28, 2025
- **Dibisyon:** Agosto 29, 2025

Mga Inirerekomendang Gawain ay ang mga sumusunod at sa nakalakip na Activity Proposal:

1. **Paligsahan sa Pagbabaybay** batay sa **Makabagong Ortograpiyang Filipino**
2. **Contest sa Awiting Bayan**
3. **Pagpaparada ng Makabayang Kasuotan**
4. **Pista sa Nayon Showcase** – Pagkain, sining, at produktong lokal
5. **Laro ng Lahi** – Tradisyunal na larong Pilipino

Bilang karagdagang bahagi ng selebrasyon, **lahat ng guro at kawani** sa pampublikong paaralan at sa Division Office ay **inaanyayahang magsuot ng Filipiniana o makabayang kasuotan tuwing araw ng Lunes sa buong buwan ng Agosto.**

Roxas Street cor. Lopez Jaena Street, Zone II, Digos City 8002
(082) 553-8396 | (082) 553-8376 | (082) 553-9170 | (082) 553-8375
(082) 553-8396 | (082) 553-8376
www.depeddigoscity.org | digos.city@deped.gov.ph

Ang mga aktibidad ay maaaring isagawa ayon sa kakayahan at konteksto ng bawat paaralan, at hinihikayat ang pakikilahok ng mga mag-aaral, guro, kawani, at maging ng komunidad.

Ang aktibong pakikilahok ng lahat ay lubos na inaasahan upang maisakatuparan ang layunin ng pagdiriwang at mapalaganap ang pagmamahal at paggamit ng ating wikang pambansa.

Para sa kaalaman at kaukulang aksyon.

**MELANIE P. ESTACIO, PhD, CESO VI**
Schools Division Superintendent

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
DATE: AUG 01 2025 TIME: 2:
BY:

Enclosed: As stated.
CID/jmn

Roxas Street cor. Lopez Jaena Street, Zone II, Digos City 8002
(082) 553-8396 | (082) 553-8376 | (082) 553-9170 | (082) 553-8375
(082) 553-8396 | (082) 553-8376
www.depeddigoscity.org | digos.city@deped.gov.ph